American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-7-pp-144-151
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PAGMAMAHAL SA LIKOD NG SANDOSENANG SAPATOS: SIPAT-SURI SA AKDA NI LUIS P. GATMAITAN

Warin V. Orguino[1], Michell T. Acala[2]
[1]*(College of Education, Leyte Normal University)*
[2]*(College of Education, Leyte Normal University)*

**ABSTRAK:***Ang pagmamahal ng isang ama ay hindi matutumbasan ng kahit na ano mang materyal na bagay. Ito ay maihahalintulad sa hangin na kahit hindi man natin nakikita ngunit ating nadarama. Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay gumamit ng content analysis approach upang mabigyang interpretasyon ang maikling kuwento na pinamagatang "Sandosenang Sapatos" na isinulat ni Luis P. Gatmaitan . Saklaw ng pag-aaral ang pagsusuri sakatangian ng isang ama, imahen at simbolismo ng ama sa lipunang Pilipino na nakapalpob sa akda. Gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang lente ng teoryang pampanitikan – imahismo, mimetiko, at arkitaypal upang mabigyan ng pagpapakahulugan at analisis ang nilalaman ng akda.Batay sa naging resulta, ipinakikita nito na ang pagmamahal ng isang ama ay walang katapusan at kaya nitong hamakin ang lahat para sa kanyang mga anak. Ipinakikita rin nito na ang ama ay may maraming imahe at simbolismo sa lipunang Pilipino na higit na humubog sa kanyang karakter bilang isang ama.*

***Keywords -*** *ama, imahen, katangian, simbolismo, teoryang pampanitikan*

## I. INTRODUKSYON

### 1.1 Rasyonal

Ang pagmamahal ng isang ama ay maihahalintulad natin sa hangin, hindi man natin ito nakikita nang tahasan ngunit ito'y ating nararamdaman. Ang pagmamahal ay maituturing na makapangyarihan, matamis, at maapoy sapagkat nagdudulot ito ng kaligayahan sa puso ng bawat isa. Sa pamamagitan ng pagmamahal ay naipapahayag ng tao ang kanyang saloobin at damdamin maging ang magagandang hangarin sa isang bagay na nagdudulot ng labis na ligaya hindi lamang sa puso kundi maging sa buong pagkatao. Kaya naman, kinikilala ang pagmamahal ng isang ama bilang dakila at katangi-tangi dahil walang sinuman ang makapapantay nito na kayang ibigay o isakripisyo ang lahat para sa kanyang mga supling.

Ang pagsusuri ng isang akdang pampanitikan ay tumutukoy sa pag-aanalisa o pag-oopbserba upang mapag-aralan at mabigyang kasagutan ang isang problema (Angel, 2017).Ang maikling kuwento bilang isang uri ng panitikan ay magandang daluyan ng saloobin at damdamin ng makata.Sa pamamagitan nito'y naipapahayag niya ang kanyang kaisipan at pananaw hinggil sa isang partikular na bagay o pangyayari. Sa pag-aaral ni Cuizon (2014), ang mga aral, mensahe, at tema ng isang maikling kuwento ay nagiging gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao, ito rin ang nagsisilbing refleksiyon sa mga desisyon at tahakin sa buhay. Sa pag-aaral ni Baoc (2009), nakasaad dito na ang maikling kuwento ay naglalarawan sa paningin ng makata, ito ay nagpapahayag ng damdamin, hangarin, at mithiin ng isang manunulat na makikita sa akda. Nagtataglay ang maikling kuwento ng iisang kakintalan na siyang nag-iwan ng impresyon dito bilang natatangi sa lahat ng uri ng akdang pampanitikan.

Ayon kina Nova et al. (2015), ang maikling kuwento ay may layuning magdulot ng aliw sa pamamagitan ng isang makapangyarihang paglalahad ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan at mag-iiwan ng iisang kakintalan sa isip ng mambabasa. Ito rin ay sumasalamin sa buhay, damdamin, lunggati, at kaisipan ng may akda. Sa pamamagitan ng panitikan ay nailalahad ng may-akda ang kanyang nais na ipaabot sa mga mambabasa, naihahayag niya ang damdamin ng kanyang puso, at naipapakita niya ang ugnayan ng panitikan sa lipunang Pilipino.

Sa tulong ng panitikan ay nabibigyang-kulay ang mayamang kultura ng Pilipinas dahil replektibo sa mga akdang ito ang buhay ng lahing Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri naman ay nabibigyan ng anyo at pagpapakahulugan ang panitikan batay sa kung ano ang higit na malalim nitong paglalarawan. Dagdag pa ni Villafuerte (2000), ang pagsusuri panunuring pampanitikan ay hindi lamang nagsusuri o nagbibigay kahulugan sa mga nagaganap sa daigdig, kundi ito'y isang paraan ng pagsusuri sa kabuuan ng tao. Samakatuwid, sa

pagsusuri ay hindi lamang ito tumutukoy sa pagtuklas sa mga nakatagong kahulugan ng mga salita kundi maging sa pangkabuuang pag-unlad ng isang tao..

Kaya naman, nakatuon ang pagsusuring ito sa pagmamahal ng isang ama na nakapaloob at makikita sa akda ni Luis P. Gatmaitan na pinamagatang “Sandosenang Sapatos”. Si Luis P. Gatmaitan o mas kilala sa palayaw na Tito Dok ay isang tanyag na manunulat sa panitikan. Ginagamit niya ang kanyang kaalaman bilang isang doktor sa paglikha ng mga kuwentong pambata na tumatalakay sa mga isyung panlipunan kagaya ng pagkakaroon ng kapansanan, pagkaulyanin, at iba pa. Taong 2005, nakatanggap si Gatmaitan ng Palanca Hall of Fame Award para sa genre na Children’s Literature, at sa kaparehong taon ay nakatanggap din siya ng parangal mula sa Catholic Mass Media Awards para sa mga akdang Sandosenang Sapatoas at Mga Kuwento ni Tito Dok. Sa kasalukuyan, mayroong humigit-kumulang 40 akda si Gatmaitan at patuloy siyang nagsusulat ng mga akdang kapupulutan ng aral ng mga bata.

Magsisilbing tiyak na layunin sa pagsusuring ito ang pagsipat sa (1) katangian ng isang ama, (2) imahen ng ulirang ama sa lipunang Pilipino, at (3) simbolismo ng pagmamahal ng isang ama na makikita sa akda.

**1.2 Layunin ng Pag-aaral**

Ang akdang isinulat ni Luis P. Gatmaitan na pinamagatang “Sandosenang Sapatos” ay nagpapakita ng pagmamahal ng isang ulirang ama sa kanyang mga supling. Magsisilbing tiyak na layunin ang mga sumusunod:

1. katangian ng isang ama
2. imahen ng ulirang ama sa lipunang Pilipino
3. simbolismo ng pagmamahal ng isang ama

**1.3 Kaligirang Teoretikal**

Sa pag-aaral ni Aguila (2017),ang panitikan ay nag-eengganyo na maglaro, tumuklas ng ibang mundo, gumamit ng mga imahinasyon, at makaranas ng iba’t ibang yamang dulot ng emosyon o damdamin. Sa pamamagitan ng maikling kuwento ay naipamamalas ng manunulat ang mensaheng nais niyang ikintal sa isip ng mga mambabasa na kapupulutan ng mga aral ng nakararami.Ang maikling kuwento ay isa sa mga uri ng panitikan na nagtataglay ng repleksyon ng mga pangyayari sa lipunan na malayang ipinapahayag ng manunulat sa pamamagitan ng paglikha niya ng mga tauhan at pangyayari na maiuugnay sa totoong buhay. Sa pamamagitan ng maikling kuwento ay naipamamalas ng manunulat ang mensaheng nais niyang ikintal sa isip ng mga mambabasa na kapupulutan ng mga aral ng nakararami.

Bawat manunulat ay may kanya-kanyang istilo sa pagsulat. Ayon pa kay Belvez (2003), an g buhay at ganda ng kuwento ay nasa kung paano ito ipahayag ng manunulat. Sa kabilang dako, si Luis P. Gatmaitan bilang isang manunulat ay may sariling istilo ng pagsulat lalo pa’t tinatalakay niya ang mga isyung panlipunang malapit sa kanyang puso at damdamin.

Ang pagsusuring ito ay nakasalig sa paniniwala ng mga teoryang imahismo, mimetiko, at arkitaypal. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay matatalakay at masusuri ang katangian ng isang ama, imahen ng isang ama sa lipunang Pilipino, maging ang pagmamahal ng isang ama na nakapaloob sa akda. Batay sa teoryang imahismo, bibigyang-pansin ng manunuri ang mga simbolo at pahawatig na naglalarawaan sa katangian ng isang ama makikita sa akda. Batay sa artikulo ni Bashota (n.d.), nakasaad dito na ang teoryang imahismo ay tumutukoy sa relasyon ng realidad at imahinasyon. Ito ay ang paggamit ng mga larawan (images and visuals) upang higit na maging makulay at madaling maunawaan ng mga mambabasa ang isang akda. Nililimitan din nito ang paggamit ng salitang hindi angkop sa pamamagitan ng paggamit ng mga eksaktong salita o word-image prescription sa paglalarawan. Dagdag pa ni Mambrol (2015) sa kanyang artikulo, ang teoryang imahismo ay ang paggamit ng mga imahe (image) sa paglalarawan na kumakatawan sa imahinasyon ng may akda. Ito ay maaaring paggamit ng metapora o paggamit ng magkaibang bagay sa paglalarawan.

Nakasalig din ang pagsusuring ito sa teoryang mimetiko. Bibigyang-pansin ng manunuri ang imahen ng isang ulirang ama na makikita sa akda at ihahambing ito sa totoong karanasang makikita sa lipunang Pilipino. Sisipatin ng manunuri kung ano ang imahen ng isang ama ang makikita sa akda na replektibo o nangyayari sa totoong buhay. Ayon kay Larlham (2012), ang teoryang memitiko o “mimesis” at tumutukoy sa representasyon o panggagaya sa realidad. Ito ay tumutukoy sa paglalarawan ng isang bagay gamit ang isa pang bagay. Sa madaling sabi, ang teoryang memitiko ay nangangahulugang imitasyon, representasyon, o panggagaya sa pangyayari o nagaganap sa tunay na buhay.

Batay sa pananaw ng teoryang arkitaypal naman, layunin ng panitkan na ipakita ang mga mahahalagang bahagi ng akda sa pamamagitan ng mga simbolismo. Sa pamamagitan nito’y sisipatin nang mabuti ng manunuri ang mga simbolong naglalahad o nagpapahiwatig ng higit pang malalim na kahulugan na may kaugnayan sa sinusuring paksa. Binibigyang-diin ng teoryang arkitaypal ang mga simbolismong ginagamit upang higit maipabatid ang pinakamensahe ng akda. Layunin nitong ipakita ang mahahalagang bahagi ng akda sa pamamagitan ng mga simbolismo. Sa pagsususring ito, gagamitin ang teoryang arkitaypal upang masipat ng manunuri ang simbolismo ng pagmamahal ng isang ama na makikita sa akdang sinusuri.

Samakatuwid, ang mga teoryang ito ang magsisilbing gabay sa pagsusuri sa akda ni Luis P. Gatmaitan na pinamagatang “Sandosenang Sapatos”. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay maipakikita ng manunuri kung ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng manunulat sa mga mambabasa partikular na sa pagmamahal ng isang ulirang ama. Sa kabuuan ang pagsusuring ito ay naglalayong matukoy ang pagmamahal ng isang ama sa likod ng Sandosenang Sapatos na isinulat ni Luis P. Gatmaitan na isang tanyag na manunulat ng Panitikang Pilipino.

**1.4 Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral lalong-lalo na ang mga nagpapakadalubhasa sa Filipino, kaguruan sa panitikan, at maging ordinaryong mamamayang tumatangkilik sa iba’t ibang akdang pampanitikan. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagkakaroon ng kamalayan ng bawat isa hinggil sa kung ano ang tunay na nilalaman ng sinuring akda. Ito rin ay makatutulong upang higit na mapaunlad at mapalawak ang kaalaman ng bawat mamamayan hinggil sa Panitikang Filipino.

## II. METODOLOHIYA

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral nagumamit ng content analysis upang matugunan ang pangangailangan at layunin ng pag-aaral.Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, sinuri ang katangian ng isang ama, imahen ng ulirang ama sa lipunang Pilipino, at simbolismo ng pagmamahal ng isang ama na nakapaloob sa akdang Sandosenang Sapatos ni Luis P. Gatmaitan. Nagsilbing tiyak na hakbang ang mga sumusunod:

**Unang Hakbang. Katangian ng Isang Ama.**Sa bahaging ito, binigyang-tuon ng manunuri ang nilalaman ng akda na nagpapakita ng mga katangian ng isang ama. Gamit ang teoryang imahismo, sinipat at sinuring mabuti ng manunuri ang nilalaman o ideyang nakapaloob sa akda na nagpapakita ng mga katangian ng isang ama. Sa pamamagitan nito’y nakita kung paano binigyang katangian o kahulugan ng makata ang katangiang mayroon ang isang ama batay sa daloy at mensahe ng akda.

**Ikalawang Hakbang. Imahen ng Ulirang Ama sa Lipinang Pilipino.** Binigyang-pokus sa bahaging ito ang imehen ng isang ulirang ama sa lipunang Pilipino na nakapaloob sa akdang sinuri. Gamit ang teoryang mimetiko, sinipat ng manunuri ang mensahe o ideyang nakapaloob sa akda na nagpapakita ng imahen ng isang ulirang ama na replektibo sa lipunang Pilipino. Makikita sa bahaging ito kung paano inilarawan ng makata ang katangian ng isang ulirang ama na makikita rin sa lipunan.

**Ikatlong Hakbang. Simbolismo ng Pagmamahal ng Isang Ama.**Sa bahaging ito, binigyang-tuon ng manunuri ang mga simbolismong nakapaloob sa akda na naglalarawan sa pagmamahal ng isang ama. Gamit ang teoryang arkitaypal, sinipat ng manunuri ang mga simbolong may natatanging kahulugan atmay kaugnayan sa pagmamahal ng isang ama sa kanyang mga supling. Makikita sa bahaging ito kung paano binigyang-kulay ng makata ang pagmamahal ng isang ama gamit ang mga simbolong may natatanging kahulugang nakapaloob sa akdang sinusuri.

## III. RESULTA NG PAGSUSURI

Makikita sa bahaging ito ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa akda ni Luis P. Gatmaitan na pinamagatang Sandosenang Sapatos gamit ang teoryang imahismo, mimetiko, at arkitaypal.

**3.1Katangian ng Isang Ama**

Gamit ang teoryang imahismo, sinipat nang mabuti ng manunuri ang mga katangian ng isang ama na replektibo sa akda ni Luis P. Gatmaitan na Sandosenang Sapatos. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang mga imahen o simbolo ng iba’t ibang katangian na nakapaloob sa akdang sinuri.

***Talahanayan 1: Katangian ng Isang Ama***

| Imahen | Katangian ng Isang Ama |
|---|---|
| Halik | Kumakatawan sa pagmamahal ng isang ama (mapagmahal) |
| Suntok | Kumakatawan sa pagiging maangas at brusko ng isang ama |
| Madjik | Nangangahulugang malikhain |
| Tipid na ngiti | Nangangahulugang tahimik at mapagpakumbaba |
| Kamay at Isip | Pagiging maabilidad o maparaan. |
| Musa ng mga sapatos | Pagiging magaling sa paggawa ng sapatos |

**Halik.**Batay sa akda, ang salitang halik ay kumakatawan sa pagmamahal ng isang ama sa kanyang mga anak. Kumakatawan din ito sa pagmamahal ng isang haligi ng tahanan sa kanyang may-bahay. Sa paggamit ng salitang ito, lumitaw sa akda na ang ama ay mapagmahal at taglay niya ang katangiang ito hanggang sa wakas ng kuwento. Inilarawan ng may-akda kung paano masuyong hinalikan ng ama ang kanyang anak na may kapansanan sa noo nito maging ang kanyang butihing asawa. Ipinapakita ng isang halik sa kuwento ang kabutihang-puso ng ama para sa kanyang anak at sa kanyang mga mahal sa buhay.

**Suntok.**Ang salitang suntok, batay sa kuwento ay kumakatawan sa pagiging maangas at brusko ng isang ama. Sa kalagitnaan ng kuwento, ipinakita ng ama nina Karina ang katangiang ito sa pamamagitan ng pagprotekta at pagtanggol sa anak na may kapansanan mula sa mga panlalait. Ipinakita ng ama ang kanyang tapang at angas upang maproktektahan ang kanyang anak mula sa mga taong mapangkutya. Ang salitang suntok ay sumisimbolo sa pagiging matapang at pagiging palaban ng isang ama upang maipagtanggol ang anak na may kapansanan. Ito rin ay kumakatawan sa lakas na taglay at tapang na ipinakita ng ama na nakapaloob sa kuwento.

**Madjik**. Ang salitang madjik sa akdang sinuri ay may ikinukubling kahulugan dahil ito'y kumakatawan sa pagiging malikhain ng ama sa kuwento. Sa unang talata pa lamang ng akda ay kapansin-pansin ang salitang madjik sapagkat naglalarawan ito ng katangian ng isang ama bilang sapatero. Ang salitang madjik ay may maraming kahulugan, maaaring ito ay makulay, magara, at may mahika na maiuugnay sa magagandang likha. Lumitaw sa akdang ito ni Luis P. Gatmaitan na ang salitang majik ay may malaking gampanin sa kuwento dahil kumakatawan ito sa makulay at magagarang mga sapatos na bunga ng pagiging malikhain ng ama sa kuwento.

**Tipid na Ngiti.** Isa sa mga katangian ng ama sa kuwento ang pagiging tahimik at mapagpakumbaba. Isang tanyag na sapatero ang ama nina Karina sa kanilang lugar at sinasabi ngang tatalunin pa nito ang mga gawang-Marikinang sapatos. Marami ang nagpapasadya sa kanya at talagang kakikitaan ng angking husay at galing ang kanyang mga likha kung kaya't maraming papuri ang kaniyang natatanggap at pasasalamat ngunit sinusuklian niya lamang ito ng isang tipid na ngiti na nagpapakita ng katangian ng pagiging tahinik at mapagpakumbaba. Kumakatawan din ito sa pagiging mahiyain dahil batay sa kuwento nais lamang ng ama ang simpleng pamumuhay sa kabila ng pagiging sikat at kagalingang taglay nito.

**Kamay at Isip.** Kamay at isip ang pangunahing ginamit na sandata ng ama sa kuwento upang makalikha ng mga magagarang sapatos kung kaya't batay rito at sa buong akda, ang kamay at pag-iisip ng ama ay kumakatawan sa pagiging maabilidad, pagiging maparaan, at pagkakaroon ng maikhaing pag-iisip. Gamit ang kamay ay naipakikita niya ang kanyang angking kakayahan at abilidad sa paggawa ng sapatos. Mababanaag sa isang bahagi ng kuwento na pinag-aralang mabuti ng ama kung paano gumawa ng sapatos na pang *ballet* para sa kanyang anak na si Susie, sa pamamagitan ng kanyang kamay at sa kanyang natatanging kakayahan at abilidad ay nagawa niya ito subalit sa hindi inaasahang pangyayari ay ipinanganak si Susie na walang mga paa. Ipinapakita lamang nito na ang ama sa sunuring akda ay maabilidad na tao at maparaan dahil gamit ang kanyang mga kamay ay nakalilikha siya ng mga sapatos na magaganda at magagara.

**Musa ng mga Sapatos.**Ang pariralang ito ay nagtataglay ng talinghaga sa kuwento, ito ay nangangahulugang pagiging magaling sa paggawa ng mga sapatos. Batay sa akda, itinuturing na may basbas mula sa musa ng mga sapatos ang likha ng ama nina Susie dahil sa taglay nitong ganda at kinang. Ipinapahiwatig lamang nito na isa sa mga katangian ng kanilang ama ang pagkakaroon ng kakaibang talento na biyaya mula sa musa ng mga sapatos. Inihalintulad nila ang mga likha na sapatos ng ama nina Susie sa likha ng mga diwata na walang makapapantay na kahit na sino. Ang musa ng mga sapatos ay isang representasyon na ang ama nina Susie ay may angking kakayahan at talento sa paggawa ng sapatos tulad nang sa mga diwata.

Samakatuwid, makikita mula sa isinagawang pagsusuri na ang "ama" sa lipunang Pilipino ay mayroong iba't ibang katangian na masasalamin sa akdang "Sandosenang Sapatos" ni Luis P. Gatmaitan. Ang mga salita sa akda ay representasyon ng iba't ibang katangian ng isang ama kabilang ang pagiging mapagmahal, brusko, mapamaraan, malikhain, at magaling gumawa ng sapatos na representasyon ng pagiging responsable ng isang ama sa kanyang trabaho. Ayon sa pag-aaral ni White (2017), isa sa mga mabuting katangian ng isang ama ang pagiging matapat nito sa kanyang mga anak at pagkakaroon ng sapat na oras para rito. Inuuna ng isang ama ang kanyang pamilya lalo na ang kapakanan ng kanyang mga anak. Ang mga katangiang ito ng isang ama ay makatutulong sa pagbuo ng isang mabuting relasyon sa kanyang mga anak.

### 3.2 Imahen ng Ulirang Ama sa Lipunang Pilipino

Maraming imahen ng isang ama ang makikita sa lipunang Pilipino batay sa kanilang gampanin, responsibilidad, at katangian. Gamit ang teoryang mimetiko, sinipat ng manunuri kung anong mga imahen ang nakapaloob sa akda ang replektibo sa lipunang Pilipino at tunay na nagyayari sa lipunan. Makikita sa susunod na talahanayan ang mga imahen ng ulirang ama sa lipunang Pilipino na nakapaloob sa akda.

**Talahanayan 2: Imahen ng Isang Ama**

| Imahen | Kahulugan sa Lipunang Pilipino |
|---|---|
| Matapang | Walang inuurungang laban at handang harapin ang anumang hamon ng buhay. |
| Tagapagtanggol | Naipagtatanggol ang sarili at pamilya mula sa kapahamakan. May kakayahang lumaban para sa ikabubuti ng pamilya. |
| Mapagmahal | Handang ibigay ang lahat para sa mga anak o para sa ikabubuti ng pamilya. Nagpapakita ng pagmamahal sa pamamagitan ng gawa. |
| Masipag | Handang magtrabaho buong araw para may ipakain sa pamilya at para sa kinabukasan ng mga anak. Tagapagtaguyod ng pamilya. |

**Matapang.**Isa sa mga imahen ng isang ama sa lipunang Pilipino ang pagiging matapang. Sa akdang Sandosenang Sapatos, ipinapakita rito kung paano nipinagtanggol ng ama ang kanyang anak na may kapansanan mula sa mga taong mapangkutya. Nagpakita siya ng katapangan sa pamamagitan ng pagtikom ng mga kamao at pagsita sa mga taong nanlalait sa kanyang anak. Tulad sa tunay na buhay, gampanin ng isang ama na ipagtanggol ang kanyang mga anak mula sa mga masasamang tao at magpakita ng katapangan kung kinakailangan. Ang ama ang siyang nagsisilbing bayani ng mga anak na sa kahit na ano mang oras at sandali ay parating nariyan upang sila'y ipagtanggol at magbigay proteksiyon. Imahen ng isang ama ang pagiging matapang sa lipunang Pilipino, pagkakaroon ng isang salita, at pagtayo bilang isang haligi ng tahanan. Ang pagiging matapang ay hindi lamang pagpapakita ng galit sa pamamagitan ng patikom ng mga kamao, maaaring ito'y paglaban sa karapatang pantao, karapatan bilang isang pamilya, at karapatang sibil. Ang katapangan ay hindi nasusukat kailanman, katulad nang sa tunay na buhay ang pagiging matapang ay maaaring ipakita sa mabuting paraan. Ang isang ama ay handa sa ano mang sakuna, ano mang suliraning kahaharapin ng pamilya, at ano mang hamon ng buhay.

**Tagapagtanggol**. Tulad ng pagiging matapang, ang ama sa lipunang Pilipino ay maituturing din na tagapagtanggol. Sa tunay na buhay, gampanin ng isang ama na siguruhing nasa mabuting kalagayan ang kanyang mga anak at walang sinuman ang maaaring makapanakit dito. Sa isinagawang pagsusuri sa akdang Sandosenang Sapatos, ipinakita rito kung paano ipagtanggol ng ama ang kanyang anak mula sa lipunang mapanghusga, ipinagtanggol niya ang kanyang anak mula sa kapansanang iniinda, at ipinagtanggol niya ang anak mula sa pagiging iba nito mula sa ibang bata. Ang lahat ng ito ay makikita rin natin sa totoong buhay, mayroon talagang mga ama o tatay na todo ang pagbabantay sa kanilang mga anak, may mga ama rin namang binibigyang kalayaan ang kanilang mga anak ngunit sinisiguro nitong nasa mabuting silang kalagayan, may mga ama ring *over protective* na tanging hangad lamang ang kabutihan para sa mga anak. Mapapansin rin sa lipunan kung paano protektahan ng isang ama ang kanyang anak mula sa sakit na kung minsan nga'y higit pa silang nasasaktan kumpara sa sakit na iniinda ng kanilang mga anak, at may mga pagkakataon ding gagawin talaga ng isang ama ang lahat mapabuti lamang ang kanyang anak.

Sa sinuring akda man o sa totoong buhay, ang ama o tatay ay nagsisilbi ring tagapagtanggol ninuman, sila ang pangunahing poprotekta sa kanilang mga anak upang mapalayo sa kapahamakan, at sila rin ang matatanggol rito mula sa mapanghusgang lipunan.

**Mapagmahal.**Makikita sa sinuring akda ang pagmamahal ng isang ama sa kanyang mga anak sa pamamagitan nang paglikha ng mga sapatos. Mula umpisa hanggang sa dulo ng kuwento ay makikita kung paano minahal ng isang ama ang kanyang mga anak. Makikita sa akda kung paano inalagaan ng ama ang anak na may kapansanan, paano niya ito ipinagtanggol, paano niya ito ituring bilang normal na tao, at kung paano niya ito minahal at tinanggap bilang may kapansanan. Sa tunay na buhay, isa sa imahen ng isang ama ang pagiging mapagmahal. Walang ama ang hindi mahal ang kanilang sariling mga anak. Ang mga pangyayari sa kuwento na nagpapakita ng pagmamahal ay nangyayari rin sa totoong buhay katulad na lamang kung paano ibigay ng isang ama ang kahilingan ng kanyang mga anak, at kung paano sinorpresa ng ama sa pamamagitan ng magagarang sapatos ang kanyang mga anak tuwing kaarawan ng mga ito. Ang pagmamahal ng isang ama ay maaaring hindi natin nakikita ngunit ating nadarama, katulad sa kuwento, ang ama ay gumawa ng mga sapatos sa loob ng 12 taon para sa anak na may kapansanan at inilihim niya ito hanggang sa siya ay mamatay. Hindi man natin makikita kung paano magmahal ang isang ama ngunit natitiyak natin na bilang isang anak ay may puwang tayo sa kanilang mga puso. Gagawin at gagawin ng isang ama ang lahat ng bagay na makabubuti sa kanyang mga anak. Ang pagmamahal ng isang ama ay naibaba dahil wala itong kapantay, tulad sa kuwento ipinamalas ng ama nina Susie ang kanyang pagmamahal sa paraang siya lamang ang nakakaalam.

**Masipag.**Mababanaag sa sinuring akda ang kasipagan ng isang ama sa pamamagitan ng paglikha o paggawa ng mga sapatos para sa kanyang mga anak at para sa kanyang mga kliyenteng nagpapasadya. Makikita

sa unang bahagi ng kuwento na sinasabing gumagawa ng mga sapatos ang ama nina Susie para sa kanilang pamilya gamit ang mga tira-tirang balat at tela. Ang pangyayaring ito sa kuwento ay maaaring maihalintulad din sa totoong buhay. Lahat ng ama ay may kanya-kanyang paraan kung paano buhayin ang kanilang mga pamilya, may kanya-kanyang diskarte at kasipagan upang magkaroon ng karagdagang kita. Sa kuwento, ipinakita rito na gumagawa ng mga sapatos ang tatay nila Susie mula sa mga tira-tirang balat, sa totoong buhay naman, nagagawan ng paraan ng isang ama ang isang bagay upang magkaroon ng karagdagang kita sa pamamagitan ng kanilang trabaho. Maaaring sila ay kumakayod sa umaga at kumakayod din sa gabi upang may ipakain sa pamilya. Ang ama sa kuwento at ang ama sa totong buhay ay parehong madiskarte, nagtataglay ito ng mga katangian ng pagiging maabilidad at maparaan upang makapaghanap-buhay. Imahen sa lipunang Pilipino na ang haligi ng tahanan ang kumakayod para sa pangangailangan ng kanyang pamilya. Bahagi na ng lipunan ang kalalakihan (ama) bilang siyang tagapagtaguyod ng bawat pamilya. Tulad sa kuwento, ama ang siyang nagtatrabaho, ama ang nagpapakita ng kasipagan, ama ang nagdidesisyon para sa pamilya, at katulad din ito sa totoong buhay.

Makikita sa isinagawang pagsusuri ang iba't ibang imahen ng ama sa lipunang Pilipino. Batay sa resulta ng pagsusuri sa akda ni Luis P. Gatmaitan, ang imahen ng isang ama ay kakikitaan ng kanyang pagganap sa kanyang mga responsibilidad bilang haligi ng tahanan at ang kanyang papel sa pagpapalaki ng kanyang mga anak. Sa pag-aaral nina Khaleque at Rohner (2011), sinasabi rito na ang pagmamahal ng isang ama ay nakatutulong sa pagpapalaki ng isang mabuting anak katulad din sa pagmamahal ng isang ina. Hinuhubog nito ang ugali at personalidad mayroon ang isang anak sa kanyang paglaki.Dagdag pa nina Eusebio at Rodriguez (2019), isa sa mga gampanin ng ama ang pagbibigay ng mga pangangailangan ng kanilang anak. Gampanin ng isang ama na buhayin at suportahan ang kanyang pamilya bilang isang padre de pamilya. Patunay lamang ito sa malaking hamon ng lipunang Pilipino na ang pagiging isang ama ay hindi madaling responsibilidad sapagkat ang pagtingin sa kanya ng lipunan ay haligi ng tahanan na matapang, tagapagtanggol, mapagmahal, at masipag.

### 3.3Simbolismo ng Pagmamahal ng Isang Ama

Ang pagmamahal ng isang ama ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng mga simbolo at imahen. Gamit ang teoryang arkitaypal, sinipat ng manunuri kung ano ang mga simbolong nagpapakita ng pagmamahal ng isang ama. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga simbolo.

**Talahanayan 3: Simbolismo ng Pagmamahal ng Isang Ama**

| Simbolismo | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Sapatos | Simbolo ng pagmamahal para sa kanyang mga anak. |
| Ballet | Simbolo ng pagmamahal para sa kanyang sarili at pangarap. |
| Kamay | Simbolo ng pagmamahal para sa kanyang trabaho. |

**Sapatos.**Batay sa kuwento, ang sapatos ay sumisimbolo sa pagmamahal ng ama sa kanyang mga anak. Mababanaag sa akdang Sandosenang Sapatos na ipinapakita ng ama ang kanyang pagmamahal sa kanyang mga anak sa pamamagitan nang paglikha ng mga sapatos mula nang sila ay isilang hanggang sa sila'y nagkagulang. Makikita rin sa akda kung paano tinawid ng panaginip ni Susie ang pagmamahal ng kanyang ama sa pamamagitan ng mga sapatos. Kahit walang paa si Susie ay nananaginip siya ng mga sapatos na nagtataglay ng mga magagarbong disenyo na likha ng kanyang ama. Ang sapatos ang siyang naging daluyan ng pagmamahal ng ama sa kanyang mga anak. Ginagawan niya ito ng mga sapatos sa tuwing may okasyong ipinagdiriwang ang pamilya katulad ng kaarawan, pagtatapos sa paaralan, okasyon sa simbahan at iba pa. Ang mga sapatos na likha ng ama ni Susie ang nagpapakita kung gaano sila kamahal nito, na kahit namayapa na ang kanilang ama ay nagsilbing ala-ala sa kanilang pamilya ang mga sapatos na likha ng malikhaing kamay at dulot ng matinding pagmamahal ng kanilang ama sa kanila.

**Ballet.**Ang ballet ay kumakatawan o sumisimbolo sa pagmamahal ng ama nina Susie sa kanyang sarili at sa kanyang pangarap. Mababanaag sa kuwento na pangarap ng ama nina Susie na magkaroon ng anak na mananayaw ng ballet at matagal niyang hinintay upang masundan ang kanyang panganay. Pinag-aralan niyang mabuting gumawa ng sapatos na pang ballet, ang disenyo ng sapatos na pang ballet, at marami pang iba. Hindi pa man lumalabas mula sa sinapupunan ng kanyang asawa ang kanilang magiging anak ay napapglanuhan niya nang ipasok ito sa *ballet school* at talagang masaya siya sa balitang magkakaroon siya ng anak, ngunit sa hindi inaasahang pangyayari, ipinanganak ang kanyang anak ng walang mga paa. Sa pangyayaring ito ay hindi nawala ang pagmamahal ng ama nina Susie sa kanyang mga pangarap kundi ipinagpatuloy niya ang paggawa ng sapatos na pang ballet.

Ang pang ballet na sapatos ay nagsilbing inspirasyon ng ama ni Susie upang higit pa niyang mahalin ang kanyang sarili at ang kanyang mga pangarap, ito rin ay sumisimbolo sa kanyang katatagan bilang isang ama at bilang tagapaglikha ng mga sapatos.

**Kamay**. Malaki ang ginagampanan ng kamay sa akdang sinuri dahil ito ng ginamit ng tatay ni Susie upang makabuo at makalikha ng magagandang sapatos. Ang kamay ay sumisimbolo sa pagmamahal ng ama nina Susie sa kanyang trabaho dahil ito ang ang kanyang ginamit na instrumento upang maipakita niya ang kanyang talento sa pamamagitan nang paglikha ng mga sapatos ng kanyang mga kliyente maging ang mga sapatos na kanyang nilikha para sa kanyang mga anak. Ang kamay ay maaaring matigas, malambot, o magaspang ngunit nangangahulugan lamang ito sa kung gaano kasipag ang tatay nina Susie sa kanyang ginagawa at kung gaano niya kamahal ang kanyang trabaho. Mababanaag sa unang bahagi ng kuwento na lumikha ang ama nina Susie ng mga sapatos para sa kanyang mga anak mula sa mga tira-tirang balat at tela. Sa bahaging ito, ipinapakita lamang kung gaano kasipag ang ama nina Susie at kung gaano niya kamahal ang kanyang ginagawa na kahit ang mga tira-tirang tela at balat ay nagagawan niya ng paraan upang makagawa ng isang bagong sapatos gamit ang kanyang malikhaing kamay.

Sa kabuuan, ang pagmamahal ng isang ama ay hindi lamang makikita sa isang kilos o gawi na kanyang ipinapakita sa kanyang mga anak. Ang kanyang pagmamahal ay maaari niyang maipadama sa iba't ibang pamamaraan na maaaring hindi tuwiran ngunit makikita naman sa pagiging responsable sa trabaho upang matutustusan ang pangangailangan ng mga anak. Sa pag-aaral naman ni Ladge, J. na nakasaad sa pag-aaral ni Martin (2015), isa sa mga benepisyo ng pagtulong ng isang ama sa pagpapalaki sa kanyang mga anak ay ang pagiging positibo nito sa kanyang trabaho at pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay. Ayon kina Pougnet et al. (2011), ang aktibong pakikilahok ng ama sa pagpapalaki ng kanyang anak ay nakatutulong upang maging mabait, matalino, maging bukas sa lipunan, at malayo sa kapahamakan ang isang anak. Samakatuwid, malaki ang papel ng ama sa paghubog ng isang indibidwal.

## IV. KONGKLUSYON

Ang akdang Sandosenang Sapatos ay nagpapakita ng mga katangian ng isang ulirang ama sa lipunang Pilipino. Mayroong apat na imahen ng ulirang ama sa lipunang Pilipino ang makikita sa akda – matapang, tagapagtanggol, mapagmahal, at masipag. Mayroong tatlong uri ng pagmamahal ang ipinakita ng ama sa kuwento – pagmamahal sa kanyang mga anak, pagmamahal sa sarili at pangarap, at pagmamahal sa kanyang trabaho. Samakatuwid, ang pagmamahal ng isang ama sa kanyang mga anak ay hindi mapapantayan ninuman.

## V. REKOMENDASYON

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay nabuong rekomendasyon:

1. Ang pagkilala sa papel ng ama sa lipunang Pilipino ay mahalaga tungo sa pagpapahalaga sa kanilang hindi matawarang sakripisyo sa pamilya. Mainam na magkaroon ng mga programa na magbibigay-daan sa pagpupugay ng papel ng ama sa lipunan.
2. Bawat miyembro ng tahanan ay dapat magpakita ng respeto at pagmamahal sa isang ama katulad ng pagmamahal at respeto na ipinapakita sa iba pang miyembro ng pamliya.
3. Magsagawa ng iba pang pagsusuri ng akdang pampanitikan na repleksyon ng mga aktwal na kaganapan sa lipunan, kabilang ang pagtuklas sa kamalayang panlipunan na taglay ng bawat akda.

## SANGGUNIAN


[1] Angel, Daryll Jim. Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula. American Journal of Humanities and Social Sciences Research. 2019. https://www.academia.edu/40585784/KAKAYAHAN_SA_PAGSUSURI_NG_TULA

[2] Cuizon, Regina. Meta Analisis Pagsusuri ng Maiikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. 2014. https://www.academia.edu/40632264/Meta_Analisis_sa_Pagsusuri_ng_Maiikling_Kwento_sa_mga_Tesis_at_Disertasyon

[3] Baoc, Virgie. "Tsapter 1 ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO Panimula Nakapagpahaba." www.academia.edu/7614611/Tsapter_1_ANG_SULIRANIN_AT_KALIGIRAN_NITO_Panimula_Nakapagpahaba.Accessed 30 June 2021.

[4] Nova-Tenorio-Peret. "Thesis sa Filipino taga - PNC." *dokumen.tips*, 13 Apr. 2015, dokumen.tips/documents/thesis-sa-filipino-taga-pnc.html

[5] Villafuerte, Patrocinio. *Panunuring Pampanitikan*. Valenzuela City, Mutya Publishing House, 2000.

[6] Aguila, Christine Joy. Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, At Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. Philippine Normal University. 2017 https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/380

[7] Belvez, Paz. *Pamana: Sining Ng Pagkukuwento at Pagbigkas Ng Tula*. Sampaloc, Maynila, Rex Book Store, 2003.

[8] Bashota, Halil. "Imagist Poetry of Twentieth Century American Poets Ezra Pound, Amy Lowell and Hilda Doolittle."*Academia,*

www.academia.edu/44881597/Imagist_Poetry_of_Twentieth_Century_American_Poets_Ezra_Pound_Amy_Lowell_and_Hilda_Doolittle.Accessed 30 June 2021.

[9] Mambrol, Nasrullah. "Imagism: An Introduction." *Literary Theory and Criticism*, 10 Sept. 2019, literariness.org/2016/03/27/imagism-an-introduction.

[10] Larlham, Daniel. The Meaning in Mimesis: Philosophy, Aesthetics, Acting Theory. Columbia University. 2012. https://academiccommons.columbia.edu/doi/10.7916/D8B27SBG

[11] White, John. "3 University Research Studies Find Common Traits in Great Dads." *The Good Men Project*, 9 Mar. 2017, goodmenproject.com/families/common-traits-great-dads-kldg.

[12] Khaleque, Abdul, and Ronald P. Rohner. "Transnational Relations Between Perceived Parental Acceptance and Personality Dispositions of Children and Adults." *Personality and Social Psychology Review*, vol. 16, no. 2, 2011, pp. 103–15. *Crossref*, doi:10.1177/1088868311418986.

[13] Eusebio, Camille. at Rodriguez, Tina. 10 Papel na Ginagampanan ng Isang Ama sa Buhay ng Kanyang Anak. 21 September 2019. https://www.smartparenting.com.ph/parenting/rea-parenting/10-papel-ng-tatay-sa-buhay-ng-anak-a231-a1870-20190921-lfrm2

[14] Martin, Greg. "Study: Involved Dads Are Happier at Work, Experience Less Job-Family Conflict." News @ Northeastern, 10 Mar. 2015, news.northeastern.edu/2015/03/10/study-involved-dads-are-happier-at-work-experience-less-job-family-conflict.

[15] Pougnet, Erin, et al. "Fathers' Influence on Children's Cognitive and Behavioural Functioning: A Longitudinal Study of Canadian Families." Canadian Journal of Behavioural Science/Revue Canadienne Des Sciences Du Comportement, vol. 43, no. 3, 2011, pp. 173–82. Crossref, doi:10.1037/a0023948.